San Diego Unified School District

EUGENE BRUCKER EDUCATION CENTER
4100 Normal Street, San Diego, CA 92103-2682

(619) 725-5506

Terry B. Grier, Ed.D.
Superintendent

Desiyembre 2008

Mahal na mga Magulang/Tagapag-alaga,

Sa nalalapit na pagsapit ng araw ng pangilin, nais kong samantalahin ang pagkakataong pasalamatan kayo sa inyong mahalagang naitulong sa ating mga mag-aaral at paaralan. Labis akong nagpapasalamat sa ating mga pamilya sa paaralan at mga mamamayan ng San Diego sa kanilang pagsuporta sa Proposition "S" na lubos na pinagtibay ng 68 kabahaginan ng mga botante noong ika-4 ng Nobiyembre. Ang mahalagang $2.5 bilyong kasunduang panlunas na ito ay magagawang ayusin, kumpunihin, at baguhin ang 180 paaralan upang magkaroon ng isang ligtas at maayos na kapaligiran sa pag-aaral ang ating mga mag-aaral.

Naging kapaki-pakinabang, abala, at mapaghamon ang taglagas. Sa masinop na pagsisikap ng ating mga mag-aaral sa napakagandang ibinunga, ang distrito ay patuloy na nakaharap sa mga mapaghamong krisis sa pondo ng estado. Si Gobernador Schwarzenegger kamakailan ay nagmungkahing magbabawas ng isa pang $2.5 bilyong kalagitnaang taong pondo sa publikong edukasiyon. Masigasig kaming makikipagtulungan sa bagong Board of Education sa pagsusuri ng ating mga uunahing mga programa at masubaybayan ang bagong pondong ilayo ang pagbawas sa mga silid-aralan kung maaari. Nais kong tiyakin sa inyo na bilang tagapamahala ang isa sa aking mga uunahin ay para sa San Diego Unified na maging isang malakas na boses sa Sacramento na itaguyod ang sapat at matibay na pondo para sa ating mga paaralan.

Upang maipaabot ang mensahe sa ating mga mambabatas ng estado, kailangan nating panatilihin ang malakas na pagsasamahan ng ating mga guro, magulang at mga kasapi ng bayan na nagtutulungan sa isang pangakong mabuting edukasiyon para sa lahat ng ating mga kabataan. Sa mga darating na linggo, sisikapin naming mabigyang-kaalaman ang lahat ng mga magulang tungkol sa paglinang ng pondong maaaring makapinsala o makabuti sa ating mga paaralan upang ang mga magulang ay tuwirang makilahok sa usaping ito. Pakiusap na subaybayan sa ating websayt www.sandi.net ang mga susunod na kaalaman sa ating pondo.

Sa mga araw ng pangilin, sana ay magkaroon kayo ng pagkakataong kausapin ang inyong anak tungkol sa napakahalagang ibinibigay ng pag-aaral at ang kahalagahan nito sa kaniyang kinabukasan. Inaanyayahan ko kayong magkaroon ng isang saglit na sabihing "salamat" sa mga guro at sa mga ibang may kinalaman sa pag-aaral ng inyong anak. Ang salitang ito ay sukdulang napakabuting regalo.

Salamat ulit sa lubos na pagtitiwala ng inyong anak sa ating mga paaralan. Sana'y magkaroon kayo ng maligaya, masaganang panahon ng pangilin.

Buong katapatan,

Terry B. Grier, Ed.D.
Tagapamahala